Volume 17 September 2020
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.154

# Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo ng Aralin

**ANA RHEA MICULOB**
miculob.anarhea@gmail.com
https://orcid.org/0000-0002-1514-6809

## ABSTRAK

Ang pag-aaral ay pinamagatang: Pagsusuri Sa Mga Piling Fliptop Lines nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. Ang pag-aaral na ito ay may layuning: masuri ang antas ng wikang nagingibabaw sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie; matukoy ang paglalarawang ginamit; masuri ang pangkalahatang dimensyong pantao; matukoy ang implikasyon ng fliptop lines nina Abra at Loonie sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino; at makabubuo ng mungkahing disenyo ng aralin. Ang disenyong kuwalitatibo at palarawang pananaliksik sa mga piling Fliptop Lines nina Abra at Loonie ang ginamit ng pag-aaral. Sinuri ng mananaliksik ang labinlimang (15) Fliptop Lines ni Abra at labinlimang (15) Fliptop Lines ni Loonie.

Ang antas ng wikang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie ay ang antas na pambansa. Ang paglalarawang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie ay ang masining na paglalarawan Sa dimensyong pantao ang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines ni Abra ay ang pisikal at emosyunal na dimension, samantalang sa mga piling fliptop lines naman ni Loonie ay ang dimensyong intelektwal.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang mga salita sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nasa iba't ibang antas ng wika. Mula sa pinakamababang antas patungo sa pinakamataas.

Ang paglalarawang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines ay ang masining na paglalarawan. Ang mga salitang ito ang nagpapatingkad at naglalantad sa bawat salitang binibitawan nila. Ito rin ay nagtataglay ng mabisa at malikhaing paggamit ng kasangkapang panliteratura tulad ng mga tayutay at simboolismo na nagsisilbing tulay upang maintindihan ng mga tagapakinig ang mas malalimang mensahe. Ang dimensyong pantao na nangingibabaw sa mga piling fliptop lines ni Abra ay ang pisikal at emosyunal. Samantalang sa mga piling fliptop lines naman ni Loonie ay ang dimensyong intelektwal. Mahalagang isaalang-alang ang mga magpapaunlad sa dimensyon ng tao sapagkat isa ito sa mga makakapukaw sa atensyon ng mga tumatangkilik nito.

Batay sa nabanggit na konklusyon, ang sumusunod na rekomendasyon ay inilatag: Iminumungkahi ang paglathala ng kinalabasan ng pag-aaral at nang mabasa ng mga guro ang natipong fliptop lines na maging batayan at gamitin sa pagbuo ng karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gamitin ang mga fliptop lines, upang malinang ang pagkamalikhain hindi lamang ng guro pati na rin ang mga mag-aaral sa paglalahad ng araling wika at panitikan. Gawing kagamitan sa pagtataya ang mga fliptop lines sa mga kasanayang pagsasalita at pagpapahayag ng mga mag-aaral.

**Keywords:** Pagsusuri, Fliptop Lines, Disenyo ng Aralin, Implikasyon, Antas ng Wika, Dimensyong Pantao

## PANIMULA

Sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo, mababatid na sumasabay ang panitikan sa modernisasyon ng mundo sa pababagong hatid ng teknolohiya at internet. Ang modernisasyon na ito ang nagluwal sa makabagong anyo sa pamamaraan ng pagtula, pagkukuwento at iba pang anyo ng panitikan. Halimbawa nito ang spoken word poetry sa bansa kung saan naging tanyag si Juan Miguel Severo. Ang lumalagong panitikan ng battle rap na pinabantog ng Flip Top Battle League na itinuturing na makabagong anyo ng balagtasan.

Ang Fliptop o mas kilala bilang Fliptop Battle League ay ang pinakamalaki at kauna-unahang Rap Battle Conference sa Pilipinas. Layunin nitong itaguyod ang Pinoy HipHop. Ito ay nasa anyong pagtatalo na isinasagawa sa paraang pa-rap. Madalas itong naiuugnay sa balagtasan

sapagkat ang mga bersong binibigkas ay magkakatugma subalit ang kaibahan nito ay walang tiyak na paksang pagtatalunan.

Sa unang pamamayagpag ng Fliptop ay nagtamo ito ng maraming kritisismo dahil sa mga salitang ginamit nito. Sa impluwensyang dala ng media ay unti-unti itong natangap ng mga tao at sa kasalukuyan ay maraming mga Pilipino ang nahihikayat na gawin ito. Ginagawa itong paligsahan sa mga programa ng paaralan at maaaring maiuugnay sa ilang mga paksang pampagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat maaari nitong mapaunlad ang mga makrong kasanayan ng mga mag-aaral lalong-lalo na ang kasanayan sa pagsasalita. Napapaunlad din nito ang talas ng pag-iisip ng mga kalahok.

Bunsod nito, nahikayat ang mananaliksik na suriin ang antas ng wika na nangingibabaw sa mga piling Fliptop Lines nina Abra at Loonie. Layunin din ng mananaliksik na matukoy ang mga paglalarawang makikita sa kanilang mga Fliptop Lines at ang mga dimensyon ng pagkatao na magbibigay daan upang makabuo ng isang disenyo ng aralin para sa ikauunlad ng proseso sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon.

Ang teoryang Behaviorism ay nakatuon sa kung ano ang kapansin-pansin: kung paano kumilos ang mga tao o kung paano baguhin o makuha ang mga partikular na pag-uugali. Ang pag-uugali ay nagbigay ng teorya ng pag-aaral na empirical, kapansin-pansin at masusukat. Ang teoryang ito ay nakapokus sa kung paano kumilos ang tao at kung ano ang nakakaapekto at nagbabago kung paano siya kumilos. Nilimitahan ito ng mga behaviorist sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa stimulus at pagtugon. Ang isang partikular na stimulus ang dahilan sa pagbibigay ng tugon (Skinner, Kindermann, Connell at Wellborn, 2009).

Sa teoryang ito ni Skinner ay kinakailangan ang stimulus upang magresulta sa pagtugon. Sa henerasyong ito ng mga mag-aaral ay hindi maikakailang mulat sila sa mga makabagong teknolohiya at impluwensya ng internet. Ang mga bagay na makikita nila sa kanilang mga kinagigiliwan ay maaaring gamiting stimulus upang mahikayat silang matuto sapagkat nakukuha nito ang kanilang interes.

Ang teoryang ito ay maaaring gamitin sa pagbuo ng desinyong pampagkatuto batay sa pinakatiyak at discrete na hakbang sa pagkatuto. Gayon din, napakahalaga sa pagbuo ng prosesong ito ng pagtuturo sa

pamamagitan ng mga bagong paraan ng mga teknolohiya. Ang ika-21 siglo ay ang panahon kung saan ang kaalaman ay ang susi sa pagpapahalagang sosyal at ekonomik. Sa kasalukuyan, ang mga kabataan ay tinatawag na Net Generation na lumaki sa kultura ng internet at tinitingnan ang Web bilang salik sa pakikisalamuha at trabaho (Harasim, 2012).

Ang Social Learning Theory ni Bandura (1977), na nagsasad na ang pag-uugali ng tao ay natutunan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga nagsisilbing modelo nito. Mula sa pagmamasid sa iba, nakabubuo siya ng bagong ideya kung paano ginaganap ang mga bagong pag-uugali at ang mga bagong impormasyong nabuo ay nagsisilbing gabay niya para sa pagkilos.

Natututo ang isang indibidwal sa pamamagitan ng pagmamasid o ng isang modelo. Ang mga nakikita ng mga mag-aaral sa internet ay maaari nilang gayahin at magsilbing modelo kaya nagkakaroon ng mga bagong panitikang popular sapagkat sinusunod ng indibidwal ang nakikita niya sa internet na naaayon sa kanyang panlasa. Ang mga bagong usbong na panitikang ito ay mahalagang suriin upang magamit sa pagkatuto ng mga mag-aaral at maaaring maging isang modelo para sa ikauunlad ng pagtuturo at pagkatuto.

Batay sa United Nations Sustainable Development Goals, *"Obtaining a quality education is the foundation to creating sustainable development. By 2030, ensure that all learners acquire the knowledge and skills needed to promote sustainable development".*

Nangangahulugan lamang ito na ang pagtamo ng kalidad na edukasyon ang pundasyon para sa kapaki-pakinabang at patuloy na pag-unlad. Nilalayon nila na sa taong 2030, tinitiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay makakakuha ng kaalaman at kasanayan na kinakailangan upang maitaguyod ito.

Ayon kay Belvez (2000) nakasalalay sa malikhain at siyentipikong proseso ang epektibong pagtuturo at pagkatuto. Bilang guro, maituturing na manggagawa at alagad ng sining at agham. Nagiging masining dahil sa kaugnay na pagkamalikhain at agham dahil may pinag-uugatang prinsipyo na isinasagawa sa sistematikong paraan.

Ayon kay Nilson (2010), isang magandang katangian ng guro na unawain ang mga mag-aaral at ang paraan kung paano sila natututo. Umuunawa nang mabuti ang mga mag-aaral kung ginagabayan sila ng kanilang guro na nagiging modelo at inspirasyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Bligh, 2000).

Ang isang guro sa panitikan ay nangangailangan ng isang ganap na pagkaunawa at pagtangkilik sa panitikan sapagkat sa kanyang pagtuturo higit na mangyayari ang pagkahawa ng guro sa mga mag-aaral sa kanyang pagkilala sa kariktan, kasiningan at pagpapahalaga sa mga akda.

Ayon naman kay Simbulan (2005), sa pagtuturo ng panitikan hindi sapat na sa pamamagitan ng labi lamang, kinakailangang magkaroon ng mapang-unawang puso upang malayang mabigyang kahulugan ang mga damdaming namamayani dito. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagtuturo ng panitikan sapagkat sinsalamin nito ang mga positibong pagpapahalaga ng lahing Pilipino. (Mujumdar, 2010).

Ayon kina Evasco, Navarro, Ortiz & Antonio (2011), ang panitikan ay isang uri ng sining na nakasulat o itinatanghal sa malikhaing paraan*.* Ang panitikan ay mula sa iba't ibang nilikom na akda na nilikha batay sa damdamin at kaisipan ng tao, lipi o nang isang lahi sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng isang bayan at ng isang bansa sa kabuuan (Aguilar, 2014).

Dagdag pa ni Pagkalinawan (2006), maituturing na buhay ang panitikan sapagkat sinasalamin nito ang pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa lipunang kanyang ginagalawan. Pinakikilos ng panitikan ang ating isip at binibigyang pintig nito ang ating puso.

Maituturing na buhay ang panitikan sapagkat nailalantad nito ang bawat buhay ng mga tao. Nailalarawan nito ang kanyang ugali, asal at pamumuhay (San Juan, Cabaysa, Carpio, Mag-atas & San Juan, 2005). Kung ano ang saloobin, naiisip, nadarama at mga nagaganap sa kanilang kapanahunan ay naipapahayag ng mga makata at manunulat sa panitikan. Dahil dito masasabing ang panitikan ay ang ekspresyon ng tao.

Ang panitikan ay isang mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao na makapagplano sa kani-kanilang buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin at maunawaan ang diwa ng pagiging makatao.

Ayon naman kay Scott sa aklat ni Badayos (2008), na pinamagatang Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino napapanatili ng panitikan ang ugnayan nito sa lipunan. Ang mga mamamayan na siyang pinakamahalagang sangkap sa pagpapagalaw ng lipunan ay siya ring tumatangkilik at nagpapanatiling buhay sa panitikan.

Ang panitikan ay marapat na maranasan bilang hanguan ng personal na pagpapayaman. At sa tulong ng edukasyon ng Pilipinas, maipaparating sa bawat indibidwal ang magandang karanasang ito (Pieper, 2006).

Ang bansang Pilipinas ay hindi lamang hitik na hitik sa mga likas na yaman maging na rin sa mga panitikan. Sa kasalukuyan, marami ng mga bagong anyo ng panitikan ang umusbong. Ang mga pagbabagong ito ay nagpapatunay na ang panitikan ng bansa ay dinamiko at buhay na buhay.

Ayon kina Abueg, Carpio, Castillo, Balagot, Peña, Adaya, Mendoza at Malaga (2012), ang kalagayan ng tao sa mundo at sa lipunan at ang pag-uusisa sa kinahihinatnan nito ang kadalasang paksa ng mga makatang Tagalog sa kasalukuyan.

Isa sa mga makabagong sining pampanitikan na umusbong sa henerasyong ito ay ang Fliptop. Ito ay ginagamitan ng maliksing pag-iisip ng mga salita, kailangan ay may tunog, nasa tono at tiyempo sa paraan ng pakikipagtalastasan sa katunggali.

Ayon kay Fernandez (2018), sa kasalukuyan, ang Fliptop ang pinakabantog na midyum sa pagkamalikhain at likas na ritmo sa musika at talento ng mga kabataang Filipino. Ang rap ay nasa anyong patula kung saan parehong gumagamit ng istilo at metodo ng pagsasalita o pagsusulat, nagpapahiwatig ng mensahe at gumagamit ng ritmo na natatangi sa larangan ng panitikan (Hendrix II, 2012).

Binubuo ito ng talong round. Sa bawat round ay magtatakda ang referee ng *time limit*. Sa mga laban na binubuo ng 1 hanggang apat na kalahok, ang time limit ay isa hanggang tatlong minuto. Sisimulan ang laban sa pamamagitan *toss coin*. Ang mananalo sa *toss coin* ang siyang magdedesisyon kung sino ang mauuna. Kabyak (*odd*) ang bilang ng mga hurado upang maiwasan ang *draws* sa mga laban.

Sa kasalukuyang kaayusang pang-edukasyon, partikular na sa antas-kolehiyo, ang pag-aaral ng panitikan ay nakabatay sa dalawang pangunahing premis; kognitibo at kultural, bukod sa iba pa. Sa pamamagitan ng panitikan ay napapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayang kognitibo o pampag-iisip (Bernales at Villafuerte, 2009).

Sinasabing pinahahalagahan ng tao ang isang bagay kung ito ay laging tinititigan, pinakakasiyasat at pinakaiingatan. Kung may gustong damit, ito ay di ipinang-araw-araw, isinusuot ito sa mga natatanging araw. Gayundin naman, ang pagpapahalaga sa panitikan. Sinusuri ang isang bagay dahil ito ay nakakapukaw ng atensyon at nagugustuhan sapagkat pasok ito sa panlasa ng mga tao (San Juan et al., 2005). Ginagawa ang pagsusuri hindi lamang dahil nais maunawaan ang nakapaloob sa isang akda kung hindi upang purihin ang may-akda sa kanyang nagawang likha. Dagdag pa, ang isang katha ay mananatiling karaniwang akda lamang ngunit

kung ang mapanuring mambabasa ay naglalahad ng maganda at kapaki-pakinabang na reaksyon, ang katha ay nagiging kanais-nais at katanggap-tanggap. Ibig sabihin ay malaki ang nagagawa ng pagsusuri sa panitikan sapagkat nagagawa nitong patanyagin at gawing kapakipakinabang ang isang akda.

Ibig sabihin lamang na ang simpleng pagbabasa sa isang akda ay isang mababaw na gawain sa pag-unawa ng panitikan. Nararapat lamang na suriin at pahalagahan ito gamit ang mga teorya at pamantayan upang mabigyang-linaw ang diwa at kaisipan ng isang akda. Ang akda ay susuriin batay sa tiyak na teorya, pamantayan sa pamumuna, katawagang pampanitikan, at ugnayan at pagkakaayos ng mga tiyak na elemento ng akda (Bernales at Villafuerte, 2008). Dagdag pa ni Villanueva (2013), upang mabuo ang siklo ng pagpapalano ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto kinakailangan ang pagwawasto, pagsusuri at pag-unawa.

Ang panitikan ang nagiging behikulo ng wika sa pinaka banayad at masalimuot na paraan kung saan ang mga pagpapahayag ng kahulugan at kalabuan ay kinakailangang tanggapin (Fleming, 2006). Ang pagpili ng teksto ay isang mahalagang salik sa paggawa ng panitikan bilang hanguan sa pagpapa-unlad ng wika, personal na pag-unlad at pagpapahalaga sa kultura.

Sa pagbuo ng malikhaing mga akdang pampanitikan ay mahalagang isaalang-alang ang wikang gagamitin. Ang wika ay nagsisilbing midyum sa pagpapahayag ng tao sa kanyang mga naiisip at nararamdaman sa isang maayos ay masistemang paraan (Arnilla, 2013). Kung gayon, ang pagiging malikhain ng isang panitikan ay nakasalalay rin sa wikang ginagamit nito.

Ang mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo ay isang bahagi ng mga estratehiya sa pagkatuto ng wika na kung saan ay ito ang pangkalahatang estratehiya sa pagkatuto (Nation, 2001). Ang mga nag-aaral ay gumamit ng estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo dahil ang pag-unawa sa mga istrakturang diskurso ng teksto ay isang mahalagang aspeto ng kakayahan sa pag-aaral ng bokabularyo (Schmitt, 2000). Ang estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo ay hindi kataliwasan dahil ang pagiging epektibo ng mga estratehiya para sa pagkatuto ng mga bagong salita ay sa pamamagitan ng pagsusuri na ilang dekada na ring ginagawa hanggang sa kasalukuyan (Fan, 2003).

Mapapansin na ang ilan sa mga video tulad ng mga laban sa rap ng Fliptop ay nakaapekto sa ilan ng mga aspeto ng pagsulong ng kabataan

na mas partikular sa paggamit ng wika. Sa Estados Unidos, ang isa sa pinaka pinagtatalunan na aspeto ng wika ng kontemporaryong hip hop culture ay rap battling. Ang mabilis na pakikipagsagutan ay nagtataglay ng intensyong malinang ang respeto at katayuan sa lipunan habang kasabay na gumaganap bilang tagapagpalaganap ng pagkamalikhain at masining na pagpapahayag at paglikha (Fitzpatrick, 2005).

Batay sa obserbasyong ito, mahalagang suriin ang antas ng wika na kadalasang ginagamit sa mga Fliptop Lines. Ayon kay Edward Sapir sa aklat nina Santos, Hufana at Magracia (2009), Naihahatid ng wika ang mga kaisipan, damdamin at mithhin sa likas at makataong pamamaraan. Sa pamamagitan ng wika ay malayang nakapagpapahayag ang tao. Naibabahagi niya ang kanyang mga opinyon at saloobin sa paraang mauunawaan ng tagatanggap nito.

Sa aklat ni Arnilla (2013), may limang antas ng wika: balbal, kolokyal, lalawiganin, pambansa at pampanitikan. Ang pinakamababang antas ng wika ay balbal. Ang mga salitang pinaikli mula sa mga salitang pormal ay napapabilang sa kolokyal. Ang mga salitang ginagamit ng mga tubong lalawigan ay napapabilang sa lalawiganin. Napapabilang naman sa pambansa ang mga salitang ginagamit sa pamahalaan at paaralan. Panghuli, ang pinakamataas at pinakamayamang antas ng wika na madalas gamitin sa mga akdang pampanitikan ay napapabilang sa pampanitikan.

Higit na nagiging mahusay ang pagpapahayag kung ginagamitan ito ng mga paglalarawan. Ipinaliwanag ni Bendalan (2013) na sa pamamagitan ng paglalarawan, napakikislot ang guni-guni at imahinasyon ng tao. Sa paglalarawan, nakabubuti na maging mapagmasid at isaalang-alang ang kakintalang naiwan sa iyo ng ilalarawan mo, gayundin ang pook, at ang pandamdam o ang senso, paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa at panalat. Upang maging mabisa ang paglalarawan ay kailangan ang pagpili ng salita at wastong pagsama-sama ng mga ito.

Marami ang tumatangkilik ng Fliptop Lines dahil sa angking husay ng mga kalahok sa pagpapahayag. Dagdag pa ni Bendalan (2013), kinakailangan ang mahusay na pagpapahayag sa pagsulat o pagsasalita, simpleng pagbibigay panuto o pananaliksik o anumang pagpapahayag na gagawin.

Sa pagsusuri ng panitikan ay mahalagang suriin din ang wikang ginagamit nito sapagkat sa pagtuturo ng panitikan ay naituturo rin ang wika. Sa pag-aaral nina Bantawig, Maraño, Lubguban, Juguilon, Barrera,

Calibo, Palongpalong at Duran (2015) na Siquijor Folk Literary Works as Reflection of Its Historical and Socio-Cultural Development ay nabanggit nila na ang panitikan ay nagpapakita ng buhay at karanasan hindi sa pamamagitan ng pagbanggit kung ano ang mga ito ngunit sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga ito sa pamamagitan ng isang daluyan na tinatawag na wika.

Ayon kay Mayor-asuncion (2015), mahalagang bahagi ng anumang antas at sistema ng edukasyon ang pagtuturo ng wika sapagkat nagiging daan at pamantayan ito tungo sa isang mahusay na edukasyon.

Natuklasan sa pag-aaral nina Demeterio, Abel, Autor at Gripal (2016) na pinamagatang Wika ng mga Manlalarong Pilipino: Pagsusuri sa Pinagmulan at Saysay ng mga Salitang Ginagamit sa Mundo ng DotA 2 at LoL na ang mga salitang ginagamit ng mga tao na patuloy na naaapektuhan ng teknolohiya at mundo ng internet ang nagiging sannhi sa pagyabong ng wika.

Sa pag-aaral ni Satriawan (2017), natuklasan niya ang paggamit ng mga lyrics ng kanta ay tumutulong sa mag-aaral na pag-aralan ang pagsasalin. Naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga lyrics ng kanta sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Dagdag pa, ang paggamit ng pamamaraang ito ay nagbibigay-aliw sa mga mag-aaral na matuto. Ito ay isang epektibong paraan upang malaya silang matuto. Gayundin, maaari nilang maunawaan nang malawakan ang kultura at gumamit ng naaangkop na salita o wika sa isa't isa.

Iminungkahi ni Mangahis (2019) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang Panitikang Mapagpalaya O Mandaraya? Isang Holistikong Kritika Sa Kasalukuyang Panitikang Ginagamit Sa Pagtuturo Ng Filipino Sa Baitang 7-10 na ang mga panitikang popular na tinatalakay sa Filipino ay marapat na bigyang linaw ang ibig ipakahulugan nito. Maaaring subukang tingnan ang mga panitikang kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan at ang mga bagong midyum na pinaglalagyan ng mga panitikan sa tulad na lamang ng mga online resources sa halip na maging limitado sa mga itinuturong panitikan.

Ang mga guro na tagapagtaguyod ng wikang Filipino ay nararapat na kumilos upang ganap na mapakinabangan ang mga teknolohiya at patuloy pang palaganapin ang wikang Filipino labas sa apat na sulok ng silid-aralan. Sa ganitong paraan maibubunsod ang paggamit ng wikang Filipino sa mga diskusyong siyentipiko at teknolohikal.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang masuri, maanalisa at magamit ang mga piling Fliptop Lines nina Abra at Loonie bilang isa sa mga panitikang popular na makakatulong upang mapalawak pa ang kaalaman hinggil sa wika at magamit ito para sa pagpapalinang ng mga kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto partikular na sa mga mag-aaral na nasa sekondarya at tersyarya na nag-aaral ng wika at panitikan.

Para sa katuparan ng pag-aaral na ito, nilalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan: (1) Anong antas ng wika ang nangingibabaw sa mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie: Pambansa; Pampanitikan; Lalawiganin; Kolokyal at Balbal? (2) Ano-anong paglalarawan ang nangingibabaw sa mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie batay sa: Karaniwang Paglalarawan at Masining na Paglalarawan? (3) Ano-anong pangkalahatang dimensyong pantao ang nangingibabaw sa mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie batay sa: Pisikal; Intelektwal; Moral; Emosyunal; Sosyal; Politikal; at Ekonomik? (4) Ano ang implikasyon ng fliptop lines nina Abra at Loonie sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino? (5) Anong disenyo ng aralin ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pagsusuri sa mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng pinagsamang disenyong kuwalitatib. Ang kuwalitatibo (*Qualitative design)* na palarawan (descriptive) at pasuring pananaliksik sa mga piling Fliptop Lines nina Abra at Loonie. Ang disenyong kwalitatibo ay isang uri ng pamamaraan na hindi nangangailangan ng istatistikal na metodo, kundi, ito ay pag-aanalisa sa mga makamundong pangyayari. Nagpapahayag ito ng isang nakahihikayat na proseso na ang mga kategorya at suliranin ay lilitaw sa pamamagitan ng mga nakalap na impormasyon o datos katulad ng interbyu, obserbasyon, videotapes, at case studies (Marlow, 1993). Ito ay may kakayahang maiayos ang iba't ibang tekstong paglalarawan at pagpapaliwanag kung paano nakaranas ng mga tao sa isang suliranin sa batay sa inilahad na pananaliksik (Pope and Mays, 2000). Sa gawaing akademikong ito, ang tungkulin ng mananaliksik ay ang pangangalap ng datos, kasama sa kwalitadong proseso ang data transcriber, translator, encoder, at analyst (Shore, 1998).

Ginamit ng mananaliksik ang labinlimang (15) Fliptop Lines ni Abra at labinlimang (15) Fliptop Lines ni Loonie na nakuha mula sa unang round

ng mga laban nina Abra at Loonie na makikita sa https://versetracker.com ang opisyal na website ng mga Fliptop rappers na kung saan dito makikita ang propayl, ang opisyal na tala ng kanilang mga Fliptop battle at ang video ng kanilang mga laban.

Talahanayan 1. Propayl ng mga Laban ni Abra

| Code | Mga Laban | Petsa | Bilang ng Views |
|---|---|---|---|
| FTA 1 | Abra vs. Pistolero | Nobyembre 29, 2018 | 1,429,248 |
| FTA 2 | Abra vs. Invictus | Oktubre 18, 2018 | 2,049,714 |
| FTA 3 | Abra vs. Poison 13 | Mayo 30, 2018 | 3,828,115 |
| FTA 4 | Abra vs. Damsa | Pebrero 5, 2017 | 3,076,213 |
| FTA 5 | Abra vs. Aklas | Pebrero 19, 2016 | 7,222,738 |
| FTA 6 | Abra vs. Price Tagg | Oktubre 29, 2015 | 6,114,856 |
| FTA 7 | Abra at Apekz vs. Ice Rocks at Kris Delano | Hulyo 7, 2013 | 6,311,317 |
| FTA 8 | Loonie at Abra vs. Shehyee at Smugglaz | Hulyo 25, 2012 | 36,134,472 |
| FTA 9 | Crazymix at Bassilyo vs. Loonie at Abra | Hunyo 24, 2012 | 13,836,777 |
| FTA 10 | Loonie at Abra vs. Tipsy D at Third D | Mayo 2, 2012 | 15,313,819 |
| FTA 11 | Shehyee vs. Abra | Setyembre 30, 2011 | 5,048,561 |
| FTA 12 | Abra vs. Zaito | Disyembre 24, 2010 | 12,527,608 |
| FTA 13 | Abra vs. Harlem | Oktubre 31, 2010 | 2,750,014 |
| FTA 14 | Abra vs. NothingElse | Hulyo 3, 2010 | 2,769,450 |
| FTA 15 | Abra vs. Batas | Hunyo 11, 2010 | 1,363,737 |

Talahanayan 2. Propayl ng mga Laban ni Loonie

| Code | Mga Laban | Petsa | Bilang ng Views |
|---|---|---|---|
| FTL 1 | Loonie vs. Michael Joe | Oktubre 3, 2017 | 2,059,675 |
| FTL 2 | Loonie vs. Plazma | Enero 25, 2017 | 5,127,864 |
| FTL 3 | Loonie vs. Tipsy D | Oktubre 16, 2016 | 14,901,947 |
| FTL 4 | Loonie vs. G-Clown | Setyembre 4, 2016 | 4,184,636 |
| FTL 5 | Loonie vs. Badang | Hunyo 1, 2016 | 6,026,148 |
| FTL 6 | Loonie vs. Shehyee | Pebrero 15, 2016 | 7,830,704 |
| FTL 7 | Loonie vs. Aklas | Pebrero 15, 2015 | 23,274,486 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| FTL 8 | Loonie vs. Righteous1 | Pebrero 17, 2013 | 1,941,733 |
| FTL 9 | Loonie at Abra vs. Shehyee at Smugglaz | Hulyo 25, 2012 | 36,143,566 |
| FTL 10 | Crazymix at Bassilyo vs. Loonie at Abra | Hunyo 24, 2012 | 13,836,777 |
| FTL 11 | Loonie at Abra vs. Tipsy D at Third D | Mayo 2, 2012 | 15,313,819 |
| FTL 12 | Dello vs. Loonie | Marso 3, 2012 | 8,930,742 |
| FTL 13 | Loonie vs. BLKD | Pebrero 18, 2012 | 4,864,380 |
| FTL 14 | Loonie vs. Batas | Nobyembre 1, 2010 | 1,506,894 |
| FTL 15 | Loonie vs. Zaito | Hunyo 18, 2010 | 15,972,363 |

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka na pag-aralan at masuri ang mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie upang magamit bilang batayan sa pagpapayabong ng wika at panitikan sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga talakayang pang-klasrum.

Tinipon ng mananaliksik ang labinlimang (15) Fliptop Lines ni Abra at labinlimang (15) Fliptop Lines ni Loonie, pinanood nang maraming beses ng mananaliksik ang mga nadownload na videos para sa malalimang pag-unawa upang maisakatuparan ang pagsusuri. Sa panonood, sinunod ng mananaliksik ang iminungkahing mga hakbang ni Lumabao (2018) ang transkripsiyon ng mga pag-uusap na Fliptop; pag-aaral ng mga salita, parirala, pahayag at pagtatala ng datos na natipon para sa layunin ng pagtatasa batay sa antas ng wika, uri ng paglalarawang ginamit at ang dimensyon ng pagkatao. Bibigyang pagpapakahulugan ng mananaliksik ang mga napiling Fliptop Lines batay sa mga aspetong nabanggit.

Sinuri ng mananaliksik ang labinlimang (15) Fliptop Lines ni Abra at labinlimang (15) Fliptop Lines ni Loonie batay sa antas ng wika, uri ng paglalarawang ginamit at ang dimensyon ng pagkatao. Upang matiyak ang pagiging balido ng pagpapakahulugang ginawa ng mananaliksik, sumangguni siya sa kanyang tagapayo.

Nagsumite ang mananaliksik ng parsyal na papel sa Komite ng Etika ng institusyon para sa pagsaalang-alang sa etika. Sinunod ng mananaliksik ang mga tiyak na patnubay ng pananaliksik na itinatag at ipinag-uutos ng komite. Ang mga pamamaraan ng pananaliksik at iba pang mga pagsasaalang-alang sa koleksyon ng datos ay binigyang konsiderasyon. Ang pag-aaral na ito ay sumailalim sa pagsusuri ng Komite ng Etika ng institusyon. Ang ginamit na mga datos sa pag-aaral na ito ay napapabilang sa sekondaryang hanguan sapagkat ang mga natipong Fliptops ay kinuha

mula sa online archive. Ang mga video ay na-upload at maaaring batayan ng sinumang madla kung kaya maituturing na ang lahat ng mga ito ay pampublikong dokumento.

## Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapakahulugan ng mga Datos

### Pagsusuri sa mga Fliptop Lines nina Abra at Loonie sa Antas ng Wika Pambansa

Batay sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, ang mga salitang ito ay kalimitang ginagamit sa mga aklat, babasahin, at sirkulasyong pangmadla na kadalasan ding ginagamit sa mga paaralan at sa pamahalaan.

Ang mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay kakikitaan ng mga salitang nasa antas na pambansa. Ang mga salitang ito ay madalas ng naririnig at nababasa ng mga taong nasa paaralan o sa pamahalaan kung kaya ito ay madali lamang maunawaan.

Kapansin-pansin na sa labinlimang fliptop lines ni Abra at labinlimang fliptop lines ni Loonie ay pareho ang antas ng wika na nangingibabaw, ito ang pambansa. Tinatangkilik ng masa ang bagong usbong na panitikang ito sapagkat ito ay nauunawaan. Ito ay may kaugnayan din sa nabanggit nina San Juan et al., (2005) na sinusuri ang isang bagay dahil ito ay nakakapukaw ng atensyon at nagugustuhan sapagkat pasok ito sa panlasa ng mga tao. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang nauunawaan ng masa ay nagawang makuha ng Fliptop ang atensyon ng mga manonood at tagapakinig.

Ang pagiging malikhain ng isang panitikan ay nakasalalay rin sa wikang ginagamit nito. May kaugnayan dito ang nabanggit ni Arnilla (2013) na sa pagbuo ng malikhaing mga akdang pampanitikan ay mahalagang isaalang-alang ang wikang gagamitin. Ang wika ay nagsisilbing midyum sa pagpapahayag ng tao sa kanyang mga naiisip at nararamdaman sa isang maayos ay masistemang paraan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang madalas ng naririnig at nababasa ay napapadali nito ang pagpapahayag ng tao gamit ang wikang ito.

Ang patuloy na panonood ng mga tao sa mga bagong usbong na panitikan tulad ng fliptop lines ay nalilinang nito ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wikang pambansa at ang nagsisilbing midyum ng pagpapalaganap at pagpapayabong na ito ay ang medya at internet.

**Pampanitikan.** Batay sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, ang mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nagtataglay ng mga salitang napapabilang sa pinakamataaas na antas ng wika, ang pampanitikan. Ito ay nagpapahiwatig na sina Abra at Loonie ay malikhain at may malawak na imahinasyon sapagkat ang mga taong gumagamit ng mga salitang napapabilang sa antas pampanitikan ay malikhain at malawak ang imahinasyon dahilan upang makabuo sila ng mga linyang makulay at masining.

Ginamit sa mga fliptop lines ni Abra ang mga salitang pampanitikan sapagkat ang salitang ito ay may malalim na pagpapakahulugan. Ang mga salitang pampanitikan ay nangangailangan ng matiyagang pagssusuri at malawak na bokabularyo upang matumbasan ito ng payak na salita. Hindi ito nauunawaan ng lahat. Kadalasan itong mababasa sa mga akdang pampanitikan.

Sa mga fliptop lines naman ni Loonie makikita rin ang mga salitang pampanitikan. Ang mga salitang ito ay ginagamit sa mga panitikan upang higit na maipakita ang makulay at masining na katangian ng isang panitikan. May kaugnayan ito sa nabanggit nina Evasco, et. al., (2011) na ang panitikan ay isang uri ng sining na nakasulat o itinatanghal sa malikhaing paraan*.* Ang mga Fliptop lines nina Abra at Loonie ay naitatanghal sa malikhaing paraan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang pampanitikan.

**Lalawiganin.** Ang lalawiganin ay mga wikang ginagamit sa isang pook o lalawigan, karaniwan ito ay may punto o tono. Ang mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nagtataglay ng mga salitang lalawiganin subalit iilan lamang ang mga ito. Hindi lahat ng mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nagtataglay ng mga salitang lalawiganin.

Sa mga fliptop lines ni Abra, ang salitang lalawiganin ay mula sa wikang Cebuano na ginagamit ng mga tao sa mga lalawigan ng Visayas at Mindanao. Ang battle rap naman kung saan nabanggit ni Loonie ang mga salitang lalawiganin ay ginanap sa Davao kung kaya naisipan ni Loonie na gumamit na ilang salita na binibigkas ng mga mamamayan ng Davao at ito ay ang wikang Cebuano.

Ang bansang Pilipinas ay mayroong maraming lalawigan at bawat isa nito ay may sinasalitang wika. Sa mga fliptop lines bihira lamang gamitin ang mga salitang napapabilang sa antas lalawiganin sapagkat hindi ito madaling unawain lalong-lalo na sa mga taong nakatira at lumaki sa ibang lalawigan na iba rin ang wikang ginagamit.

Bagaman at hindi ito nauunawaan ng lahat ay mahalaga pa rin ang antas na ito. Ang paggamit ng mga salitang ito ay likas sa mga taong nakatira sa isang lalawigan. Kung gayun, sa pamamagitan ng paggamit ng wikang nauunawaan at nakasanayan ay malayang nakapagpapahayag ang isang tao. Ayon kay Edward Sapir sa aklat nina Santos et. al.(2009), naihahatid ng wika ang mga kaisipan, damdamin at mithhin sa likas at makataong pamamaraan. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang nakagisnan tulad ng mga wika sa mga lalawigan ay malayang naibabahagi ng tao ang kanyang mga opinyon at saloobin sa paraang mauunawaan ng tagatanggap nito.

**Kolokyal.** Ang kolokyal ay pang araw-araw na salita na maaring may kagaspangan ng kaunti. Sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nagtataglay ito ng mga kolokyal na salita. Ang mga salitang ito ay buhat sa mga pormal na salita na kun saan ay kinaltasan ng ilang mga titik. Bagaman nagkaroon ng pagkakaltas ay hindi nito nababago ang kahulugan ng salita. May mga salitang kolokyal din na nabuo hindi lamang sa pamamagitan ng pagkakaltas. Ilan sa mga ito ay nagkakaroon ng pagbabago sa pagbabaybay tulad ng mga salitang *mayroon* at *kaunti* na naging *meron at konti.* May mga kolokyal na salita rin na nabuo mula sa dalawa o higit pang salita na kinaltasan ng titik o pinalitan ang ilang titik upang makabuo ang isang salita tulad ng kaolokyal na salita *ayoko* na mula sa dalawang salita na *ayaw* at *ko,* ang salitang kolokyal na *swangit* na mula sa *swapang* at *pangit*.

Ang pagpili ng mga salita ay isang mahalagang salik sa paggawa ng panitikan bilang hanguan sa pagpapa-unlad ng wika, personal na pag-unlad at pagpapahalaga sa kultura. Dagdag pa ni Fleming (2006), ang panitikan ang nagiging behikulo ng wika sa pinaka banayad at masalimuot na paraan kung saan ang mga pagpapahayag ng kahulugan at kalabuan ay kinakailangang tanggapin. Nagpapahiwatig lamang ito na ang mga panitikan ay midyum sa pagpapalaganap at pagbabago ng wika tulad ng mga fliptop lines nina Abra at Loonie na gumagamit ng mga salitang kolokyal. Ang pagkakabuo ng mga salitang kolokyal ay iilan lamang sa mga pagbabagong nangyayari sa wika na kinakailangang tanggapin upang higit pa itong mapayabong at mapaunlad.

**Balbal.** Ang antas na ito ang pinakamababa sa lahat ng antas ng wika. Tinatawag itong salitang pangkalye o *slang* sa Ingles. Walang tiyak na pinagmulan kung kaya may mga balbal na salita na mahirap unawain sa unang dinig.

Makikita sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie ang mga salitang balbal. May mga salitang balbal na bihira lamang gamitin kaya bihira lang din napakikinggan. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit hindi ito madaling maunawaan ng mga tagapakinig subalit kung gagamitin sa pangungusap ay higit na madaling bigyan ng pagpapakahulugan.

May mga salitang balbal na mula sa wikang Ingles subalit naiiba ang kauhulugan nito tulad ng salitang balbal na *laughing stock*. Ang salitang *laughing stock* ay mula sa dalawang salita sa Ingles na laughing at stock. Kapag pinagsama ang dalawang salitang ito ay walang katumbas na pagpapakahulugan sa Ingles subalit sa salitang balbal ito ay nangangahulugang pinagkakatuwaan o pinagtatawanan. Sa kabilang banda, may mga salitang balbal din na madaling intindihin dahil madalas ginagamit sa mga impormal na sulatin at pakikisalamuha kung kaya ito ay nakikilala at nauunawaan ng mga tagapakinig at tagapanood tulad nga mga salitang balbal na *gorang* na nangangahulugang *matanda* at ang balbal na *bagets* na nangangahulugang *bata.*

May mga salitang balbal din na nabuo mula sa pagbabaliktad ng salita. Maaari itong baliktarin ng papantig at maaari ring ang buong salita. Batay sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, ang ganitong klase ng balbal na salita ay makikita sa mga fliptop line ni Abra at wala sa mga piling fliptop lines ni Loonie.

Ang salitang balbal na *repa* ay nabuo mula sa pagbaliktad ng papantig sa salita. Kapag pinantig ang salitang repa, ito ay binubuo ng dalawang pantig na *re* at *pa*. Kapag ang dalawang pantig na ito ay binaliktad mauuna ang *pa* kasunod ang *re* na kung pinagsama ay magiging *pare.* Ibig sabihin ang salitang balbal na *repa* ay nangangahulugang *pare* na isang katawagan ng matalik na magkakaibigan.

May mga salitang balbal din na madalas lamang naririnig sa mga fliptop battles tulad ng salitang *bara* at *bars.* Sa mga fliptop battles madalas marinig ang salitang balbal na *bars.* Sa unang dinig ay mapagkakamalang isang salitang hiram na mula sa wikang Ingles subalit ang salitang ito ay salitang balbal na madalas gamitin sa fliptop battles. Tumutukoy ito sa mga pahayag na magkakaugna-ugnay na binibitawan ng mga kalahok.

Ang isa pang salitang balbal na ginagamit ng mga kalahok sa fliptop ay ang salitang *bara* na tumutukoy sa linyang isinasagot ng kalahok sa kanyang katunggali na naglalayong maharang o mabara ang nais iparating ng kanyang katunggali. Kapag ang katunggali ay hindi nakasagot, ibig sabihin nito ay naging epektibo ang bara ng kalahok.

Mahalaga ang mga salitang napapabilang sa antas na balbal sa pagpapaunlad ng wika bagamat ito ang pinakamababang antas ng wika at hindi nauunawaan ng lahat ng tagapakinig at manonood. Ang mga bagong salita ay nagpapatunay na buhay ang wika. Makakadagdag din ang mga ito sa bokabularyo sapagkat napupukaw nito ang interes ng mga tagapakinig at manonood dahilan upang sila ay magsaliksik at suriin ang mga bagong tuklas na salitang ito. May kaugnayan ito sa nabanggit ni Nation (2001) na ang mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo ay isang bahagi ng mga estratehiya sa pagkatuto ng wika na kung saan ito ang pangkalahatang estratehiya sa pagkatuto. Dagdag pa ni Fan (2003), ang estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo ay hindi kataliwasan dahil ang pagiging epektibo ng mga estratehiya para sa pagkatuto ng mga bagong salita ay sa pamamagitan ng pagsusuri na ilang dekada na ring ginagawa hanggang sa kasalukuyan.

Ang malikhaing paggamit nina Abra at Loonie ng mga salita sa kanilang mga fliptop lines ang nakapagdadaragdag ng kagandahan at kalinawan sa paglalahad ng mga pangyayari, nararamdaman at naiisip. Ito ang bumubuhay sa mensaheng nais iparating nila at pumupukaw sa interes ng bawat tagapakinig.

**Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines nina Abra at Lonie Batay sa Paglalarawan**

**Karaniwang Paglalarawan.** Ang karaniwang paglalarawan ay maaaring payak ang paggamit ng mga salita upang mabigay kabatiran sa ayos at anyo ng tao o bagay na inilarawan. Ang mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay kakikitaan ng mga karaniwang paglalarawan. Ang mga payak na salita ang ginamit nina Abra at Loonie upang mailarawan ang katunggali. Sa paggamit nila ng karaniwang paglalarawan ay tuwiran nilang nailalahad sa mga manonood at nakikinig ang taong nais niyang ilarawan.

Ang karaniwang paglalarawan ay maaari ring gamitin upang tuwirang ilarawan ang damdamin ng isang tao. Mahalaga ang karaniwang paglalarawan lalong-lalo na paglalarawan ng damdamin sapagkat ang damdamin ng isang tao ay mahirap tukuyin at sukatin kung gayun, ang pagpapahayag nito sa simpleng salita ay higit na makakatulong upang maunawaan ang nararamdaman ng isang tao. Ang karaniwang paglalarawan ay maaari ding gamiting upang ilarawan ang husay ng isang tao. Ito ay maaaring lantay, pahambing o pasukdol.

Mahalaga ang karaniwang paglalarawan sa mga panitikan dahil sa pamamagitan nito ay tuwirang nailalarawan ng mga makata at manunulat kung ano ang saloobin, naiisip, nadarama at mga nagaganap sa kanilang kapanahunan. Patunay nito ang binanggit ni San Juan, et al., (2005) na nailalarawan ng panitikan ang kanyang ugali, asal at pamumuhay. Dahil dito masasabing ang panitikan ay ang ekspresyon ng tao at ang mga ekspresyong ito ay naipapahayag sa pamamagitan ng mga karaniwang paglalarawan.

**Masining na Paglalarawan.** Batay sa pagsusuri ng mananaliksik sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie na nagiging masining ang paglalarawan kapag ito ay ginamitan ng mga tayutay at simbolismo. Ang mga tayutay ay ang paggamit ng matatalinghagang pagpapahayag. Ang mga salitang napapabilang sa antas na ito ay kadalasang ginagamit sa pag-aaral ng tula at retorika.

Sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie makikita rito ang mga masining na paglalarawang ginamit. Upang maging masining ang mga paglalarawan ay ginamitan nila ito ng mga tayutay at simbolismo tulad ng pagmamalabis. May mga fliptop lines sina Abra at Loonie na nagpapahayag ng kalabisan subalit kahit na labis-labis ang pagkakasabi ay hindi pa rin ito hadlang para mawala ang kagandahan ng linya sa katunayan ay mas napapaganda pa nito ang fliptop lines dahil sa kakaiba nitong pagpapahayag.

Isa pang tayutay na ginamit nina Abra at loonie ay ang metonomiya o pagpapalit tawag. Sa fliptop line ni Abra, ang mga salitang *agila* at *itlog pugo* ay mga salitang pamalit tawag lamang sa iba pang salita. Ang salitang *agila* ay tumutukoy sa mga taong bihasa na at ang *itlog pugo* ay tumutukoy sa mga taong baguhan. Sa fliptop line naman ni Loonie ang salitang *rabbit* at *haring agila* sa linya ay mga salitang pamalit tawag. Ang *rabbit* ay tumutukoy sa taong mahina at walang kalaban-laban. Ang salitang *haring agila* naman ay ginagamit upang tukuyin ang matatas o matalinong nilalang. Sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay masining nilang nailarawan ang kanilang kahusayan laban sa kanyang katunggali gamit ang metonomiya.

Gumamit din sila ng tayutay na pagtutulad. Ito ay isang paghahambing sa dalawang magkaibang tao, bagay, pangyayari atbp. Gumagamit ang pagtutulad ng mga salitang tulad ng, katulad ng, parang, kawangis ng, animo, kagaya ng atbp. Ang tayutay na pagwawangis ay katulad ng pagtutulad, maliban sa hindi ginagamit ang mga salitang tulad ng, katulad ng, parang, kawangis ng, animo, kagaya ng atbp. Ang pag-uyam ay isang

tayutay na kung saan ito ay pangungutya o pang-aasar.

May mga makikitang simbolismo rin sa mga fliptop lines na ginamit bilang mahusay na panlarawan. Una rito ay ang *Santino* na na ginamit ni Abra upang ilarwan ang kanyang katunggali na si Invictus. Sa fliptop line ni Abra ang *pasko* ay isang simbolo na ginamit upang maging masining ang paglalahad. Kung sa pagpapakahulugang literal, ang pasko ay isang pagdiriwang na ginaganap tuwing Disyembre kada taon. Subalit sa linyang binitiwan ni Abra, ito ay sumisimbolo ng lubos na kasiyahan. Sa halip na tuwiran niyang ilarawan ang damdamin ay ginamit niyang simbolo ang pasko upang ipahiwatig ang damdaming ito sapagkat tuwing pasko lubos ang kasiyahan ng mga tao.

Sa fliptop line naman ni Loonie ang *pasko* ay ginamit niya ang simbolo na *Santino.* Kung sa pagpapakahulugang literal ang pag-uusapan, ito ay isang tauhan lamang sa isang pelikula na na pinagbibidahan ng isang bata. Subalit para kay Abra, ito ay sumisimbolo ng kabaitan. Malikhain niyang inilarawan ang katangian ni Invictus sa pamamagitan ng pag-uugnay nito kay Santino sapagkat kilala ang tauhang ito sa kanyang angking kabaitan. Kung gayun sa linyang *"Ito nagpapakamaldito pero mukaha namang Santino*" nangangahulugan lamang na bagamat nag-aanyong masama si Invictus kapansin-pansin pa rin ang kanyang kabaitan.

Ang paggamit ng masining na paglalarawan sa mga fliptop lines ay istilo nina Abra at Loonie upang maiparating sa mga tagapakinig ang mensahe sa paraang kakaiba at matalinghaga. Ito ay nakahihikayat at nakatatawag pansin sa mga tagapakinig. Ang pagtukoy sa isang bagay sa paraang hindi kapanipaniwala, ang paghahambing sa isang bagay sa isa pang bagay, paggamit ng isang salita na kumakatawan sa isang bagay ay mga patunay sa kakaiba at natatanging talento nina Abra at Loonie sa pagsasalita at paglalahad ng mga kaisipan sa malikhaing paraan.

Marami ang tumatangkilik ng fliptop lines dahil sa angking husay ng mga kalahok sa pagpapahayag. Dagdag pa ni Bendalan (2013), kinakailangan ang mahusay na pagpapahayag sa pagsulat o pagsasalita, simpleng pagbibigay panuto o pananaliksik o anumang pagpapahayag na gagawin. Higit na nagiging mahusay ang pagpapahayag kapag ginamitan ito ng mga masining na paglalarawan. May kaugnayan ito sa binanggit ni Bendalan (2013) na sa pamamagitan ng paglalarawan, napakikislot ang guni-guni at imahinasyon ng tao. Sa paglalarawan, nakabubuti na maging mapagmasid at isaalang-alang ang kakintalang naiwan ng ilalarawan, gayundin ang pook, at ang pandamdam o ang senso, paningin, pandinig,

pang-amoy, panlasa at panalat. Upang maging mabisa ang paglalarawan ay kailangan ang pagpili ng salita at wastong pagsama-sama ng mga ito.

Ayon kay Fernandez (2018), sa kasalukuyan, ang Fliptop ang pinakabantog na midyum sa pagkamalikhain at likas na ritmo sa musika at talento ng mga kabataang Filipino. Sa pamamagitan ng masining na paglalarawan ay naipapahayag ng tao ang kanyang mga damdamin at kaisipan sa malikhaing paraan. Maaaring gamitin ang mga fliptop lines na ito upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa masining na paglalarawan.

**Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines nina Abra at Lonie Batay sa Dimensyong Pantao**

**Pisikal na Dimensyon.** Sa dimensyong ito ay tuwirang inilalarawan ang pisikal na anyo ng tao. Sa Fliptop lines ni Abra mapapansin ang pisikal na dimensyong pantao. Inilalarawan nito ang isang tao batay sa nakikita o na oobserbahan gamit ang kanyang pandama. Sa pamamagitan ng paggamit nito ay maaaring makabuo ng ideya o larawan sa isipan ng mga tagapakinig ng mga bagay-bagay na mas magpapalutang sa mensahe nais nitong ibahagi sa lahat. May mga salita sa fliptop lines na nagpapakita ng pisikal na dimensyon gaya ng *mukhang modelo, gwapo, magagandang lalake.* Sa halimbawang ito ay inilalarawan ni Abra ang kanyang katunggali sa pamamagitan ng pisikal na dimensyon.

Sa Fliptop line ni Loonie ay makikita din ang pisikal na dimensyon sapagkat ipinapahayag dito ang pisikal na anyo ng sa pamamagitan ng salitang *panot.* Ang pagpapahayag na ito ni Loonie ay iba sa kadalasang ginagawa sa mga fliptop battle. Kadalasan sa laban ng fliptop maririnig ang pagpapahayag ng dimensyong pisikal sa pamamagitan ng paglalalrawan sa katunggali kabaliktaran sa ginawa ni Loonie na kung saan inilarawan niya ang kanyang sarili mismo. Ipinapahiwatig nito na tanggap niya ang anumang pisikal na anyo mayroon siya. Sa ganitong paraan naipapakita ni Loonie ang kanyang pagpapahalaga sa dimensyong pisikal.

**Intelektwal na Dimensyon.** Ang dimensyong intelektwal ay pagpapahalaga sa katotohanan, kaalaman, at pagkakaroon ng pag-iisip na mapanlikha at kritikal. Mapapansin sa fliptop line ni Abra ay inilalarawan niya ang kanyang sarili gamit ang mga mapangutyang salita at mga hindi kaaya-ayang karanasan subalit sa kabila nito ay nanatiling positibo ang kanyang pag-iisip. Batid niya ang mga katotohanan tungkol sa sarili niya. Tanggap niya kung anong mayroon siya sapagkat mayroon siyang sariling

kaalaman hinggil sa kanyang sarili at sariling paniniwala. Ito ay ipinapakita sa pahayag na *okay lang dahil alam ko sa buhay pikon talo.* Ang pahayag na ito ang pupukaw sa kritikal na pag-iisip ng mga tagapakinig.

May mga fliptop line din si Loonie na napapabilang sa dimensyong intelektwal sapagkat napupukaw nito ang kritikal na pag-iisip ng tagapakinig. Halimbawa nito ang bawat tao ay iba-iba ang pagpapakahulugan at pagpapakita ng awa. Iniwaksi niya ang nakasanayang pag-iisip ng tao na kaawaan ang kawawa. Nais niyang iparating sa mga tagapakinig na hindi dapat kaawaan ang isang taong kawawa sapagkat mas lalo lamang itong nagmumukhang kawawa. Ang ganitong intelektwal ni Loonie ay kaiba sa intelektwal na pag-iisip ng nakakarami na siyang nagdudulot ng kritikal na pag-iisip sa mga tagapakinig.

Mahalagang isaalang-alang ng guro ang paggamit ng mga panitikang magpapaunlad sa dimensyong intelektwal ng mga mag-aaral tulad ng mga fliptop lines.

May kaugnayan ito sa nabanggit nina Bernales at Villafuerte (2009) na sa kasalukuyang kaayusang pang-edukasyon, partikular na sa antas-kolehiyo, ang pag-aaral ng panitikan ay nakabatay sa dalawang pangunahing premis; kognitibo at kultural, bukod sa iba pa. Sa pamamagitan ng panitikan ay napapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayang kognitibo o pampag-iisip.

**Moral na Dimensyon.** Ang moral na dimensyon ay pagpapahalaga na nauukol sa pagmamahal, integridad, katapatan, pagpapahalaga sa sarili at personal na disiplina, paggalang at katatagan sa paninindigan.

Sa fliptop line ni Abra na *kagalang-galang na ginong Zaito* nagpapahiwatig ito ng pagpapahalaga sa dimensyong moral sapagkat ang nabanggit na pahayag ay nagpapakita ng paggalang. Sakop ng dimensyong ito ang paggalang sa sarili at sa kapwa. Ang fliptop line ni Abra sa itaas ay nagpapakita ng paggalang sa kapwa kahit sila ay magkatunggali.

Sa fliptop line ni Loonie na *pwede mong idaan sa awa ang pagsali pero ang pagkapanalo hindi* at *mas lalong nakakaawa ang kawawa kapag kinawaan,* ipinapakita dito ang paninindigan hinggil sa pagpapakita ng awa at pagiging patas sa sinalihang patimpalak.

Ang mga panitikan ay naglayong maisabuhay ang mga aral na makukuha mula rito tulad ng paggalang sa kapwa, pagmamahal, integridad at iba pa na siyang magpapaunlad sa dimensyong moral ng tao. Ayon kay Fitzpatrick (2005) sa fliptop lines, ang mabilis na pakikipagsagutan

ay nagtataglay ng intensyong malinang ang respeto at katayuan sa lipunan habang kasabay na gumaganap bilang tagapagpalaganap ng pagkamalikhain at masining na pagpapahayag at paglikha. Kung gayun ang mga fliptop lines ay maaaring gamitin bilang hanguan sa pagpapaunlad ng dimensyong moral.

**Emosyunal na Dimensyon.**

Ang emosyunal na dimensyon ay nauukol ito sa pakiramdam ng tao. Makikita sa fliptop line ni Abra ang emosyunal na dimensyon tulad paghanga niya sa kanyang katunggali. Ang paghanga ay isa sa mga damdamin ng tao na nagdudulot ng positibong pakiramdam. Sa fliptop line naman ni Loonie, nagpapahayag ito ng pagkatuwa o kasiyahan.

Sa pagtatangkilik ng mga panitikan ay mahalagang makuha ng tumatangkilik nito ang mga damdaming nais iparating nito. Ayon kay Simbulan (2005), sa pagtuturo ng panitikan hindi sapat na sa pamamagitan ng labi lamang, kinakailangang magkaroon ng mapang-unawang puso upang malayang mabigyang kahulugan ang mga damdaming namamayani dito.

**Sosyal na Dimensyon.**

Dala ng dimensyong ito ang pamilya at lipunan na sumasakop sa mga pagpapahalagang tungkol sa panlipunang responsibilidad, paggalang sa kapwa, katapatan, pagiging responsableng magulang, malasakit sa kapwa, kalayaan at pagkapantay-pantay, karunungang panlipunan, pagiging aktibong kalahok sa mga panlipunang gawain at pagtataguyod sa kapayapaan.

Ang fliptop lines ni Abra ay nagpapakita ng dimensyong sosyal sapagkat nagpapakita ito ng pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang pakikipag-ugnayan ay pagpapakita ng sosyal na dimensyon sapagkat ang mga taong kasangkot dito ay kinakailangang isaalang-alang ang pagiging responsableng mamamayan upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa lipunang ginagalawan.

Ang fliptop line naman ni Loonie ay nagpapakita din ng dimensyong sosyal sapagkat nagpapakita ito ng pagmamalasakit sa kapwa gamit ang salitang *kumusta.* Madalas gamitin ng mga Pilipino ang salitang kumusta bilang pagpapakita ng malasakit sa kapwa lalong-lalo sa mga taong minsan lamang makatagpo o makasama.

Ayon kina Abueg et al. (2012), ang kalagayan ng tao sa mundo at sa lipunan at ang pag-uusisa sa kinahihinatnan nito ang kadalasang paksa ng mga makatang Tagalog sa kasalukuyan. Ang mga mamamayan na siyang pinakamahalagang sangkap sa pagpapagalaw ng lipunan ay siya ring tumatangkilik at nagpapanatiling buhay sa panitikan. Ayon kay Scott sa aklat ni Badayos na pinamagatang Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Filipino (2008), napapanatili ng panitikan ang ugnayan nito sa lipunan. Dagdag pa ni Pagkalinawan (2006), maituturing na buhay ang panitikan sapagkat sinasalamin nito ang pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa lipunang kanyang ginagalawan.

Binigyang paliwanag sa aklat na pinamagatang Ang Panitikan at Kulturang Pilipino (Semorlan, Fernandez, Mariño, & Semorlan, 2014), masasalamin sa panitikan ang bawat yugto sa buhay ng tao maging ang lipunan at kasaysayan. Samakatuwid, ang panitikan ay kaluluwa ng mga mamamayan. Tumatalakay ito sa buhay ng tao at tumutulong sa paghubog ng kanyang pagkatao sapagkat maaaninag dito ang mga kathang naglalaman ng mga kaisipang maaaring gabay niya sa kanyang paglalakbay.

**Ekonomik na Dimensyon.** Ang dimensyong ito ay sumasakop sa kabuhayan, produksyon, at iba pa. Ang fliptop lines na ito nina Abra at Loonie ay nagpapahayag ng dimensyong ekonomik sapagkat napapatungkol ito sa produksyon at kabuhayan ng isang tao. Bihira lamang napag-uusapan ang tungkol sa ekonomiya sa mga impormal na talastasan tulad ng fliptop kuya kaya iilan lamang ang makikita nito sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie.

## Implikasyon ng Fliptop Lines Nina Abra At Loonies sa Pagtuturo ng Panitikan sa Asignaturang Filipino

Makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong usbong na panitikan tulad ng mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay mas napupukaw nito ang interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Sa pagbabahagi ng mga kaalaman sa mga mag-aaral ay madalas nagkakaroon ng suliranin ang guro sapagkat sa kasalukuyang henerasyon ay hirap ng kunin ang atensyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Burden at Byrd (2013), ang pakikipag-interaksyon ng mga mag-aaral ay

kinikilala bilang isang kritikal na aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral ay mahalagang magkaroon sila ng motibasyon sa pagkatuto. Sinang-ayunan ito nina Burden at Byrd (2013), ang pagganyak ay tinitingnan bilang portal sa pakikipag-interaksyon. Mahalagang maghanda ang guro ng mga pagganyak upang mapanatili ang makabuluhang interaksyon sa klase. Ang mga guro ay dapat magbigay ng pagkakataon para sa mga estudyante na aktibong makisali sa asignatura.

Sa pagtuturo ng mga fliptop lines nina Abra at Loonie bilang mga panitikan sa asignaturang Filipino ay nagkakaroon ng interaksyon ang mga mag-aaral sa kapwa mag-aaral gayundin ang interaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang guro sa Filipino sapagkat ang mga mag-aaral ay nakapagbabahagi ng mga kaalaman kung ito ay isa sa kanyang mga kinahihiligan. Ang mga fliptop lines ay isa sa mga kinagigiliwan ng mga kabataan sa henerasyong ito kung kaya kung ito ay gagamitin bilang isa sa mga panitikan sa Filipino ay mahihikayat ang mga mag-aaral na pag-aralan ito. Ayon sa Behaviorism ni Skinner (1963) isang partikular na stimulus ang dahilan sa pagbibigay ng tugon. Sa teoryang ito ni Skinner ay kinakailangan ang stimulus upang magresulta sa pagtugon.

Sa henerasyong ito ng mga mag-aaral ay hindi maikakailang mulat sila sa mga makabagong teknolohiya at impluwensya ng internet. Ang mga bagay na makikita nila sa kanilang mga kinagigiliwan tulad ng mga fliptop lines ay maaaring gamiting stimulus upang mahikayat silang matuto sapagkat nakukuha nito ang kanilang interes.

Bukod sa nakukuha nito ang interes ng mga mag-aaral, ang mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay isang makabagong anyo ng panitikan na kung saan nagtataglay ito ng mga makabagong kaalaman. Kapag nakuha na ng guro ang atensyon at interes ng mga mag-aaral ay madali na lamang niyang maibabahagi sa kanila ang mga araling ito.

## KONKLUSYON

1. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, napag-alaman ng mananaliksik na ang mga salita sa mga fliptop lines nina Abra at Loonie ay nasa iba't ibang antas ng wika. Mula sa pinakamababang antas patungo sa pinakamataas. Ang antas ng wika na nangingibabaw sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie ay parehong antas pambansa. Tinatangkilik ng masa ang bagong usbong na panitikang ito sapagkat

ito ay nauunawaan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang nauunawaan ng masa ay nagawang makuha ng Fliptop ang atensyon ng mga manonood at tagapakinig. Samantalang ang ibang antas ng wika tulad ng balbal, kolokyal, pampanitikan at lalawiganin bagamat hindi nauunawaan ng lahat ng tagapakinig at manonood ay malaki pa rin ang naitutulong nito sa pagpapaunlad ng wika. Ipinapahiwatig lamang nito na ang wika ay dinamiko o patuloy na umuunlad sapagkat ito ay buhay na buhay. Ang malikhaing paggamit nina Abra at Loonie ng mga salita sa kanilang mga fliptop lines ang nakapagdadaragdag ng kagandahan at kalinawan sa paglalahad ng mga pangyayari, nararamdaman at naiisip. Ito ang bumubuhay sa mensaheng nais iparating nila at pumupukaw sa interes ng bawat tagapakinig.

2. Ang paglalarawang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines nina Abra at Loonie ay ang masining na paglalarawan. Ang mga salitang ito ang nagpapatingkad at naglalantad sa bawat salitang binibitawan nila. Ito rin ay nagtataglay ng mabisa at malikhaing paggamit ng kasangkapang panliteratura tulad ng mga tayutay at simboolismo na nagsisilbing tulay upang maintindihan ng mga tagapakinig ang mas malalimang mensahe ng mga fliptop lines. Kahit sabihin man na ang mga fliptop lines ay likha ng mabilisang pag-iisip, bawat linya ay masasabing natatangi sapagkat may kakayahan ang mga itong pasabikin ang mga tagapakinig. Ang paggamit ng iba't ibang masining na paglalarawan sa mga fliptop lines ay istilo nina Abra at Loonie upang maiparating sa mga tagapakinig ang mensahe sa paraang kakaiba at matalinghaga. Ito ay nakahihikayat at nakatatawag pansin sa mga tagapakinig. Ang pagtukoy sa isang bagay sa paraang hindi kapanipaniwala, ang paghahambing sa isang bagay sa isa pang bagay, paggamit ng isang salita na kumakatawan sa isang bagay ay mga patunay sa kakaiba at natatanging talento nina Abra at Loonie sa pagsasalita at paglalahad ng mga kaisipan sa malikhaing paraan.

3. Ang dimensyong pantao na nangingibabaw sa mga piling fliptop lines ni Abra ay ang pisikal at emosyunal. Samantalang sa mga piling fliptop lines naman ni Loonie ay ang dimensyong intelektwal. Mahalagang isaalang-alang ang mga magpapaunlad sa dimensyon ng tao sapagkat isa ito sa mga makakapukaw sa atensyon ng mga tumatangkilik nito. Ito rin ang isa sa pinakamahalagang papel ng panitikan, ang maisabuhay ang mga pagpapahalagang nakapaloob dito. Ang pagpapahalaga sa panitikan ay pagpapahalaga sa kaisipan, damdamin, karanasan, at kultura ng bayan.

4. Ang mga guro na tagapagtaguyod ng wikang Filipino ay nararapat na kumilos upang ganap na mapakinabangan ang mga teknolohiya at patuloy pang palaganapin ang wikang Filipino labas sa apat na sulok ng silid-aralan. Sa ganitong paraan maibubunsod ang paggamit ng wikang Filipino sa mga diskusyong siyentipiko at teknolohikal. Makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon. Nakakatulong ang paggamit ng mga fliptop lines nina Abra at Loonie sa pagtuturo ng panitikan sa mga asignaturang Filipino sapagkat nakukuha nito ang interes ng mga mag-aaral dahilan upang maging aktibo sa talakayan at nagiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto dahil nagkakaroon ng interaksyon ang mga mag-aaral at guro.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga nabanggit na konklusyon, inihain ng mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ng mananaliksik ang paglathala ng kinalabasan ng pag-aaral at nang mabasa ng mga guro hindi lamang ang mga natipong fliptop lines maging ang mga ginawang pagsusuri nang sa gayun ay maaaring itong pagbatayan at gamitin ng mga guro sa Filipino upang makabuo ng karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.
2. Ang mga guro sa Filipino ay dapat bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na kilalanin ang iba pang uri ng panitikan gaya ng fliptop llines kaya inirerekomenda ng mananaliksik ang paggamit ng sitwasyong pangwika ng mga guro bilang matibay na pagpukaw sa kamalayan ng mga mag-aaral tungo sa kritikal at malikhaing pag-iisip.
3. Gamit ang mga fliptop lines, malilinang ang pagkamalikhain hindi lamang ng guro pati na rin ang mga mag-aaral sa paglalaro ng mga salita gamit ang mga napapanahong wika at panitikan.
4. Inererekomeda ng mananaliksik na gamitin ang mga fliptop lines sa pagtataya sa mga kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagpapahayag.
5. Ang pagsusuring ginawa ng mananaliksik ay malaking kapakinabangan upang makapagtamo ng kaukulang kasanayan sa pagpapalawak ng paggamit ng wikang Filipino. Kaya imumungkahi ng mananaliksik na

gamitin ang mga fliptop lines sa pagpapalawak ng kasanayang ito.

6. Inererekomenda ang paggamit ng disenyong aralin sa karagdagang pagpapalawak ng pagtuturo ng wika at panitikan.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Abueg, E. R., Carpio, P. S., Castillo, M. J. A., Balagot, A. D. C., Peña, R. P., Adaya, J. G., Mendoza , V. S., & Malaga, M. A. (2012). *Muhon: Sining at kasaysayan ng Panitikan ng Pilipinas*. Jimczyville Publications.

Aguilar, R. L. (2014). *Panitikan ng Pilipinas (Rehiyunal Na Pagdulog): Filipino 21*. Grandbooks Publishing.

Arnilla A. K (2013). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Wiseman's Books Trading, Inc. Quezon City, Philippines.

Badayos, P. B. (2008). Metodolohiya at Pagkatuto ng/sa Filipino: Mga Teeorya, Simulain, at Estratehiya. Valenzuela City: Mutya Publishing House

Bandura, A. (1977). Social Learning Theory. New York: General Learning Press.

Bantawig, R. B., Maraño, F. B., Lubguban, M. B., Juguilon, J. A., Barrera, G. J., Calibo, D., Palongpalong, P. S. & Duran, E. O. (2015). Siquijor Folk Literary Works as Reflection of Its Historical and Socio-Cultural Development. IAMURE International Journal of Literature, Philosophy and Religion, 7(1). Retrieved from https://bit.ly/2SLk9vf

Belvez, P. M. (2000). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo: Aklat sa Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino at/sa Filipino. Rex Bookstore: Maynila: Samapaloc.

Bendalan, N. (2013). Retorika (Susi sa Mabisang Pagpapa hayag). Wiseman's Trading, Inc. DM Building #32 Visaya Ave., Corner Congessional Ave., Project 6, Quezon City.

Bernales R. at Villafuerte, P. (2009). Panitikan ng Pilipinas. Mega-Jesta Prints, Inc. 9 Guyabano, Valenzuela City.

Bernales, R. at Villafuerte P. (2008). Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika. Valenzuela City: Mutya Publishing House Inc.

Bligh, D. A. (2000). What's the use of Lectures? San Francisco: Jossey-Bass.

Burden, P. at Byrd, D. (2013). Methods for Effective Teaching Meeting the Needs of All Students. Pearson Education Inc. One Lake Street, Upper Saddle River, NJ, 07458.

Demeterio, F. P., Abel, M., Autor, C. & Gripal, A. (2016). Wika ng mga Manlalarong Pilipino: Pagsusuri sa Pinagmulan at Saysay ng mga Salitang Ginagamit sa Mundo ng DotA 2 at LoL. MALAY, 29(1). Retrieved from https://bit.ly/2V1rLwt

Evasco, E. Y., Navarro, A. M., Ortiz, W. P., & Antonio, L. F. (2011). *Saliksik: Gabay Sa pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan, at sining*. C & E Publishing.

Fan, M. Y. (2003). Frequency of use, perceived usefulness, and actual usefulness of vocabulary learning strategies: A study of Hong Kong learners. The Modern Language Journal, 87 (2), 222-241. Retrieved from: https://bit.ly/3vcU5Mt

Fernandez, J. A. (2018). A Discourse Analysis on Flip top Battles among Filipino Youth. Tin-aw, 2(1). Retrieved from https://bit.ly/3bIyIIE

Fitzpatrick, J. (2005). Whats Beef: Discourse Practices of Battling in hip hop Language. (Under the direction of Walter A. Wolfram, William C. Friday Distinguished Professor)

Fleming, M. (2006): The use and mis-use of competence frameworks and statements with particular attention to describing achievements in literature.

Harasim, L. (2012). Learning Theory and Online Theories. Routledge 711 Third Avenue, New York, NY 10017

Hendrix II, J. D. (2012). Is rap poetry? Retrieved from: https://bit.ly/2uQYdXr

Shore, B. (1998). *Culture in mind: Cognition, culture, and the problem of meaning*. Oxford University Press.

Mangahis, H. A. (2019). PANITIKANG MAPAGPALAYA O MANDARAYA? ISANG HOLISTIKONG KRITIKA SA KASALUKUYANG PANITIKANG GINAGAMIT SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA BAITANG 7-10. DALUMAT E-Journal, 5(1). Retrieved from https://bit.ly/39ACi5C

Marlow, C. (1993) Research methods: For generalist social work. California: Brooks/Cole Publishing Company.

Mayor-asuncion, A. M. (2015). Doon o dito, ganoon o ganito: isang paggalugad sa pananaw ng guro hinggil sa kanyang papel sa pagtuturo ng Akademikong Wikang Filipino sa antas tersyarya. Luz y Saber, 9(1&2). Retrieved from https://bit.ly/2OYL4m1

Mujumdar, S. (2010). Teaching English Language and Literature in Non-native Context Electronic document available at language in india.com Retrieved from https://bit.ly/39EhCK5

Nation, P. (2001). Learning vocabulary in another language. Cambridge: Cambridge University Press Office of the National Education Commission (1999). National Education Act B.E. 2542, Office of the Prime Minister, Kingdom of Thailand.

Nilson, L. B. (2010). Teaching at It's Best: A Researched Based Resource for College Instructors. John Wiley and Sons, Inc. CA: Market Street, San Francisco.

Pagkalinawan, L. C. (2006). Panitikan sa Iba't ibang Rehiyon. Mutya Publishing House Inc.

Pieper, I. (2006). The Teaching Literarture. Retrieved from https://bit.ly/2u0t3wo

Pope & Mays (2000). Understanding scientific prose. Madison: University of Wisconsin Press.

San Juan, G. P., Cabaysa, W. G., Carpio, P. S., Mag-atas, R. U., & San Juan, C. P. (2005). *Panunuring Pampanitikan*. Booklore Pub.

Santos, A., Hufana, N. at Magracia E. (2009). Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon. Mutya Publishing House, Inc. 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potrero, Malabon City.

Satriawan, A. (2017). *Translating Figurative Language Using Song Lyrics*. [online] Jurnal.unimus.ac.id. Retrieved from https://bit.ly/39Ez7tO

Schmitt, N. (2000). Vocabulary in language teaching. New York: Cambridge University Press.

Semorlan, T. P., Fernandez, E. C., Mariño, F. C., & Semorlan, A. P. (2014). *Ang Panitikan at Kulturang pilipino*. C & E Pub.

Simbulan (2005). Komunikasyon sa Akademikong Filipino.

Skinner, B. F. (1963). Behaviorism at fifty. Science, 140(3570), 951-958. Retrieved from: https://bit.ly/3Fv1yLy

Skinner, E. A., Kindermann, T. A., Connell, J. P., at Wellborn, J.G. (2009). Engagement and Disaafection as Organizational Constructs in the Dynamics of Motivational Development. In K.R Wentzel and A. Wigfield (Eds.), Handbook of motivation at School (pp. 223-246). New York: Routledge

Villanueva, V. (2013). Karatulastasan: Mungkahing Gamit/Paraan sa Pagtuturo at Pagkatuto Upang Suriin ang Kakayahang Umunawa. DALUMAT E-Journal, 4 (1-2). Retrieved from https://bit.ly/2SvjAGL